

# Sa mga Teknikal Intern Trainee na nagdadalang-tao

- Sa Japan, ipinagbabawal ng batas ang pagtanggap sa trabaho dahil sa pagbubuntis.
  - Ang nagpadalang organisasyon at nangangasiwang organisasyon ay **hindi pinahihintulutang pauwiin kayo ng sapilitan** dahilan sa iyong pagbubuntis.
  - Kung kayo ay tatanggalin sa trabaho o sapilitang pauwiin sa sariling bansa, **mangyari lamang na kumonsulta sa Organisasyon para sa Technical Intern Training (OTIT)**.  
Susupportahan kayo ng OTIT .
- \* Tingnan ang impormasyon sa pakikipag-ugnay sa likod

## Ano ang gagawin kapag nabuntis?

- Kapag napansin ninyo na kayo ay buntis, sabihin sa consultation counter ng nangangasiwang organisasyon at sa nagpapatupad ng pagsasanay(kumpanya) ang tungkol dito.
- Maaari rin na kumonsulta sa OTIT o sa consultation counter sa lugar ng inyong tinitirahan.  
\*Tingnan ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan na nasa likod.
- Ipaalam sa opisina ng munisipyong tinitirahan ang tungkol sa inyong pagbubuntis.
- Kapag ginawa mo ang proseso sa munisipyo, makakakuha ka ng Maternal & child health handbook(sinusulat dito ang health condition ng ina at bata), at health check-up coupons (para ma-check ang health ng baby. Ito ay matatanggap sa munisipyo na iyong tinirahan. Siguraduhin na isagawa nang regular ang mga prenatal health checkups sa panahon ng pagbubuntis.

## Maaari pa rin bang magtrabaho kahit buntis?

- Sa Japan, ang pagtanggap sa trabaho at pagtrato ng hindi maganda dahilan sa ikaw ay buntis, ay ipinagbabawal. Kahit ikaw ay nabuntis, maaari mong ipagpatuloy ang teknikal intern na pagsasanay kung nanaisin mong gawin ito.
- Sa Japan, maaari kang magpahinga ng anim na linggo bago ang petsa ng panganganak.

Kung hindi ka pumasok sa trabaho at walang sahod nang panahon na iyon, makakatanggap ka mula sa health insurance (insurance para sa mga nagtatrabaho sa kumpanya. Ito ay isang sistema na nangongolekta ng pera mula sa lahat at tumutulong sa mga taong pumupunta sa ospital dahil sa pinsala o sakit.), ng maternity allowance (mga 60% ng average ng palagiang sahod).

## Pagkapanganak, maipagpapatuloy pa ba ang training?

- Sa Japan, pangkaraniwan, na hindi maaaring magtrabaho ng walong linggo pagkatapos manganak dahilan sa pisikal na kalusugan. Maaaring ipagpatuloy ang teknikal intern na pagsasanay pagkatapos ng panahong iyon.

Kung hindi ka pumasok sa trabaho at walang sahod nang panahon na iyon, makakatanggap ka mula sa health insurance ng maternity allowance (mga 60% ng average ng palagiang sahod).

- Kahit na itigil mo muna ang technical intern training at umuwi ka sa sariling bansa para manganak, maaari mo pa rin ipagpatuloy muli ito. ( Kinakailangan ng proseso )
- Upang ipagpatuloy ang technical intern training, kailangang gawin ang mga proseso sa Organisasyon para sa Technical Intern Training at iba pa. Ipaalam sa nangangasiwang organisasyon at nagpapatupad ng pagsasanay (kumpanya) kung kailan at kung nais mong ipagpatuloy ang teknikal intern na pagsasanay.

## Impormasyon sa pakikipag-ugnayan

**Kapag may problema, tumawag sa Organisasyon para sa Technical Intern Training (OTIT).**  
(maaari ang konsultasyon sa telepono o email)

Suportadong wika	Araw at oras ng pagtugon	Numero ng telepono	URL site ng konsultasyon sa sariling wika OTIT
Vietnamese	Mon.- Fri., Sat. 11:00 - 19:00 (Sat. : 9:00 - 17:00)	0120-250-168	<a href="https://www.support.otit.go.jp/soudan/vi/">https://www.support.otit.go.jp/soudan/vi/</a>
Intsik	M. W. F. 11:00 - 19:00	0120-250-169	<a href="https://www.support.otit.go.jp/soudan/cn/">https://www.support.otit.go.jp/soudan/cn/</a>
Indonesian	T. TH., Sat. 11:00 - 19:00 (Sat. : 9:00 - 17:00)	0120-250-192	<a href="https://www.support.otit.go.jp/soudan/id/">https://www.support.otit.go.jp/soudan/id/</a>
Pilipino	T. TH., Sat. 11:00 - 19:00 (Sat. : 9:00 - 17:00)	0120-250-197	<a href="https://www.support.otit.go.jp/soudan/phi/">https://www.support.otit.go.jp/soudan/phi/</a>
Ingles	T. TH., Sat. 11:00 - 19:00 (Sat. : 9:00 - 17:00)	0120-250-147	<a href="https://www.support.otit.go.jp/soudan/en/">https://www.support.otit.go.jp/soudan/en/</a>
Thai	Thurs., Sun. 11:00 - 19:00 (Sun. : 9:00~17:00)	0120-250-198	<a href="https://www.support.otit.go.jp/soudan/th/">https://www.support.otit.go.jp/soudan/th/</a>
Cambodian (Khmer)	Thurs. 11:00 - 19:00	0120-250-366	<a href="https://www.support.otit.go.jp/soudan/kh/">https://www.support.otit.go.jp/soudan/kh/</a>
Myanmar	Tues. 11:00 - 19:00	0120-250-302	<a href="https://www.support.otit.go.jp/soudan/mm/">https://www.support.otit.go.jp/soudan/mm/</a>

**Kung may problema sa buhay, tulad ng mga pagaalala sa pagbubuntis, maaari rin na kumonsulta sa consultation counter sa lugar na tinitirahan.**

Regional consultation counter (Foreigner's life support portal site)	<a href="http://www.moj.go.jp/isa/content/930004512.pdf">http://www.moj.go.jp/isa/content/930004512.pdf</a> * Ang mga suportadong wika ay magkakaiba depende sa bawat window.
Multilingual life consultation counter ( Council of Local Authorities for International Relations)	<a href="http://www.clair.or.jp/j/multiculture/association/consultation_list.html">http://www.clair.or.jp/j/multiculture/association/consultation_list.html</a>

**Ang impormasyon sa panganganak at pag-aalaga ay matatagpuan din sa “Guidebook sa pamumuhay at pagtatrabaho”.**

**<http://www.moj.go.jp/isa/support/portal/index.html>**



**Suportadong wika: Hapon (kasama na ang easy Japanese), Ingles, Intsik, Korean, Spanish, Portuguese, Vietnamese, Nepali, Thai, Indonesian, Myanmar, Khmer (Cambodian), Pilipino, Mongolian, Turkish, Ukrainian**